MARICEL HALILI/TV5: Okay. Thank you, sir.

SEC. ANDANAR: Thank you.

MARICEL HALILI/TV5: Secretary Año, clarification lang po. How are we going to address the issue on the slum area? Kasi hindi ba technically, we want to implement iyong mga social distancing pero paano iyong mga ganung lugar?

SEC. AÑO: Well, talagang iyan ay malaking challenge but they have to follow social distancing. Mayroon tayong magro-roving doon, may mga iikot doong barangay officials, LGUs. Kailangan talagang i-implement pero nasa kanilang pagdidisiplina din eh, kailangan talagang sumunod. So, it's really a challenge but kailangan din ng information dissemination para malaman nila kung anong mga dapat gawin on their

own personal effort. So, tuloy-tuloy iyong ating pag-info campaign sa mga lugar na ito.

MARICEL HALILI/TV5: Kasi sir, for example, doon sa Payatas area, iyong isang bahay nila eleven agad iyong tao. Sometimes they sleep nang nakaupo. So, are we going to provide let's say, areas for them to stay or...?

SEC. AÑO: Well, kaniya-kaniyang initiative ng LGUs 'no, kaya nga ang ano dito, ang key talaga dito ang mga local chief executives. The President is the chief executive. Sa mga bawat political subdivisions natin from the province, municipalities, barangays, they have to do their job.

Now, stay at home. Kung halimbawa sa isang bahay ay naka-quarantine sila doon sa loob at wala naman infected doon, okay sila doon. Now, kung halimbawa, may mag-manifest ng symptom doon, papasok na naman iyong ating barangay, iyong barangay health emergency response teams dadalhin iyong person under monitoring or person under investigation doon sa isolation unit. So, doon sila papasok doon.

MARICEL HALILI/TV5: Secretary Duque, mayroon na po ba tayong concrete plan doon sa test kits. because I understand medyo kulang po iyong test kits natin ngayon. So, mayroon na po ba tayong ginagawa for that?

SEC. DUQUE: May tatlo pong panggagalingan ang karagdagang test kits natin, kasi sa ngayon puros galing sa WHO ngunit alam naman natin na may global supply chain limitations 'no. So ang UP-NIH ay mayroong pakikipag-ugnayan sa isang pribadong sector na pinangungunahan ni Dr. Destura - I think you've heard about this person - at mayroon nga silang naimbento na rapid diagnostic test, PCR-based. PCR, ibig ho sabihin, Polymerase Chain Reaction, ito po iyong parang pinaka-makina na nagpi-fingerprint noong COVID-19 virus para sigurado na katulad na katulad ito noong galing sa Wuhan ano.

Iyan ay—ang unang plano diyan ay patatakbuhan iyan parallel with the RITM para masiguro ang accuracy and the measurement of accuracy is actually two: number one, is specificity of the test, ibig sabihin talagang for COVID-19 siya, hindi kung anumong mga viruses na iba ang puwedeng ma-pickup; and sensitivity, ibig sabihin noon, at a certain concentration noong virus dapat ay napi-pickup na niya kahit na mababa pa. So once all of these are satisfied and after say 200/300 parallel runs are achieved with high level of confidence as to the results, puwede na nating i-roll out iyan sa ating UP-NIH lab or sa Lung Center of the Philippines lab or doon sa lima nating sub-national laboratories.

So kanina may dumating—well actually, Friday may dumating na 500 test kits from the South Korean government at kanina may dumating na—500 iyong last Friday, magdadagdag ng another five to ten thousand this week; tapos iyong sa China

naman dumating iyong donation, two thousand; and then by Wednesday kung walang problema ngayon, by Wednesday another ten thousand. So unti-unti, nagkakaroon na tayo ng maraming mga kakayahan o rapid diagnostic test. Pero siyempre ang kinakailangan po rito, masiguro natin ang kaniyang quality, iyong kaniyang accuracy.

MARICEL HALILI/TV5: And once na ma-ensure na iyong accuracy, do we also plan sir na magkaroon noong parang ginagawa sa Korea na drive thru test for all kaya bumaba iyong kanilang mga cases?

SEC. DUQUE: Iyong sa South Korea kasi, dahil sila mismo ang nag-manufacture noong rapid diagnostic test, ang kanilang kakayahan ay hindi bumababa sa 15,000 tests a day. So kung anuman iyong ating nakuha rito, talagang ika nga mga excess lang na nakiusap tayo para mabigyan. Ganoon pa man, kung ang ating sariling test na ginawa ng UP-NIH at saka iyong HealthTech - isang pribadong kumpanya - ay mapalawig natin ito, ay hindi magtatagal makakapag-test tayo nang mas marami.

MANNY VARGAS/DZBB: Sir good evening po, Secretary Nograles. Sir, Manny Vargas po DZBB. Sir, nagpapatanong lang po iyong iba sa mga listeners namin ngayon. Nabanggit po iyon banks, kasama rin po ba iyong bangko sa bukas at iyong mga money remittance centers, iyong mga pera padala? Papaano daw po—siyempre hindi po kasama sa exempted iyong mga taong lalabas, will they be allowed para po pumunta sa bangko or doon po sa mga pera padala centers para kumuha ng kailangan nilang pera or magpadala ng pera?

CABSEC NOGRALES: Yes. Banks, money transfer services will continue, so these are part of those basic necessities. So patuloy pa rin po, bangko and money transfer services.

MANNY VARGAS/DZBB: Opo. Sir, mayroon din pong nagpadala rin po sir listener namin; sabi naman niya may payment daw po sa BIR, VAT... hindi ako familiar. Papaano raw po iyon sir, iyong mga—

CABSEC NOGRALES: We will make the pronouncement when the time comes. We have to discuss this with our economic team muna with regard doon sa BIR. So one step at a time muna tayo.

MANNY VARGAS/DZBB: Opo. Sir tapos kay Secretary Año po. Sir, nabanggit po kasi kanina doon sa statement po ni President Duterte about iyong karinderya saka po iyong sari-sari store. Alam naman natin sir na 'pag eskinita, maliliit ang kalye, minsan mas mahirap pigilan iyong paglabas po ng tao at any given time. Papaano po natin magagawa iyon na ma-ensure na mali-limit din iyong paglabas nila or mapapakisuyuan na magsasara sila pagdating po ng curfew hours?

SEC. AÑO: Yes, ili-limit talaga natin dito sa delivery service ‘no. Kasi halimbawa sari-sari store, ini-encourage mo iyong mga tao na pumunta diyan eh. So dapat ang tao nag-i-stay at home, kaya nga delivery eh para nasa bahay lang talaga iyong tao. Iyong karinderya, kung mayroon siyang delivery service, okay din iyon. Pero kung pupunta iyong tao doon kakain, hindi pupuwede iyon.

MANNY VARGAS/DZBB: Sir finally po, I don’t know kung si Secretary Andanar or kayo po Secretary Año ang better na sumagot. Alam ni Secretary Andanar ito, iyong roving reporters po, mayroon po bang guidelines doon po sa limitation ng coverage po ng media during this time? Iyong pupunta kami sa mga borders or sa mga... kung saan man nag-o-operate ang mga pulis or kinakailangan lang po ang allowed lang sa amin is from sa bahay namin papunta sa mga opisina namin?

SEC. AÑO: Si Secretary Andanar actually ang magma-manage sa inyo. Mayroong daily reporting pagkatapos at least mayroon tayong tinatawag na daily checking of your vital signs also to make sure na okay kayo and then alam din dapat ni Secretary Andanar iyong area na iko-cover ninyo para may coordination din sa enforcer.

SEC. ANDANAR: As long as after noong 72 hours na binibigay sa atin ng DILG at ng PNP ay makapagbigay tayo o makakuha tayo ng ID mula sa IPC because that’s the only way na—‘pag mayroon ka nang ID, hindi ka na sisitahin ng pulis after 72 hours. So doon sa mga roving, sa mga night beat reporters, graveyard reporters, they can still go around and gather their news. Pero kailangan lang na magpa-check sila araw-araw doon sa kanilang kumpanya or doon sa police station na kung saan sila tatambay. And at the same time, you know, I think it’s your civic responsibility to wash your hands and also be hygienic.

USEC. IGNACIO: May tanong muna dito si Henry Uri. Iyon daw pong sa mga advertiser nila, puwede ba daw ma-exempt sa quarantine ang mga employee and distributor ng mga medical supplies especially alcohol and sanitizers?

CABSEC NOGRALES: Basta mahulog sila sa Number 5 ano, nakalagay naman dito ‘food and medicine production.’ Ang advertiser hindi naman, like I said when in doubt, no.

SEC. DUQUE: Can I make a clarification? Isa sa mga exemptions ay ang pharmacist o botika, ‘di ba? So normal lang na itong mga alcohol, dapat doon ay puwedeng mabili, hindi kung saan-saan. Salamat.

MARGAUX: Good evening, Health Secretary. Given po iyong mga donations natin na mga test kits from South Korea and sa China, magiging sapat na po ba iyong test kits natin para mas mabilis iyong pag-confirm ng cases ngayon?

SEC. DUQUE: Yeah. Palagay ko magiging sapat kasi unang-una, mayroon din tayong pondo na 240 million na inaprubahan ng Economic Development Cluster last week at 6,000 per test, that's 40,000 is the target testing capacity. So that will require a budget of 240 million; that's of course on top of the donations coming from South Korea and China. So mapaparami na po ang ating kakayahan, mapapalaki ang kakayahang makapanuri ng throat and nose swabs ng mga persons or patients under investigation.

MARGAUX: Sir, clarification ko lang din. Iyong may mga symptoms lang po iyong puwedeng makapag-test?

SEC. DUQUE: Sa ngayon dahil nga mayroon tayong limitasyon pa, iyon lang muna ang priority natin. Kinakailangan kasi ma-rationalize natin iyong testing in the face of limitations.

MARGAUX SALCEDO/INQUIRER: Sir last na, iyong kay Senator Zubiri. Bakit po kailangan na makapag-test nang twice to further confirm his condition na positive siya sa COVID-19? Kasi ang sabi niya after 10 days, magkakaroon siya ulit ng test and he's hoping na negative po iyong result.

SEC. DUQUE: Yeah, ganoon naman po iyong protocol natin at ito ay susundin natin para makapaniguro tayo na wala na iyong virus sa kaniyang katawan.

MARGAUX SALCEDO/INQUIRER: So lahat po ng—kahit mga ordinary patient sir, twice po natin natse-check o tsini-check kung confirmed sila sa COVID-19?

SEC. DUQUE: Mayroon kasi itong history of exposure with two other persons who had an exposure to a positive COVID patient, one of their resource persons they had during one of their hearings I think about early last week or two weeks ago.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Sir, just to emphasize na open iyong mga supermarkets and yet hindi pupuwede ang mass transportation; and then iyong nabanggit ninyo kanina Secretary Nograles, maglakad na lang. Papaano po iyong location if for example talagang malayo doon sa particular household iyong supermarket; and then only one person from the family is allowed to go, hindi po ba mahirap iyon? Will the LGU should be providing transportation for them?

CABSEC NOGRALES: Maaring puwedeng mag-ganoong initiative na lang siguro ang LGU, that could be an option. Like I said, mahirap mang gawin 'no itong mga guidelines na ito, pero kailangan nating gawin, kailangan nating istriktuhan ang lahat ng mga ito otherwise kung magbibigay tayo puros ng mga exemptions, eh babalik din po tayo roon sa maraming galawan. So humihingi po kami ng paumanhin, ito'y ginagawa po natin para sa proteksiyon ng bawat isa.

JOYCE BALANCIO/DZMM: And you also mentioned sir that food assistance will be given to poorest families in the communities.

CABSEC NOGRALES: Yes.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Papaano po natin gagawin iyon sir and iyong process noon, and what kind of food assistance we will be giving to them?

CABSEC NOGRALES: Yes, so right now state of calamity na po ano ang entire Luzon. So because of that state of calamity, then iyong mga iba't ibang mga LGUs can also declare a state of calamity within their LGUs, respective localities para sila po ay maka-tap na doon sa kanilang calamity funds ano, at ang QRF nila, ang Quick Response Funds po nila. And based on that, then it is incumbent upon the LGU 'no to first be able to be the first responders doon sa mga constituents po nila na kailangan natin mapangalagaan in terms of iyong mga marginalized 'no and impoverished communities natin at ang ating mga constituents.

So like I said, ang mindset po natin dito, kumbaga we are under a state of calamity so ang operationalization is as if iyong LGU is under a calamity. So tulad noong—kung may nangyaring calamity po as inyong LGU, alam naman ng LGU kung ano ang dapat gawin.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Ano po iyong specific na food assistance? Bigas... ano po iyong particular na matatanggap nila?

CABSEC NOGRALES: So based doon sa LGU, mayroon naman tayong mga food assistance packages na alam ng LGU anong gagawin ano. And then—just like in a calamity nga po.

Just like in a calamity, the LGU already knows what type of food packs or food assistance ang ibibigay nila sa constituents nila na affected by the calamity and then mag-o-augment po iyong DSWD. So even si DSWD now is already preparing iyong mga calamity and food assistance packs that they usually use in times of calamities. So iyon po ang magiging effect po noong state of calamity and iyong pag-operationalize natin nitong mga ito.

So in other words, iyong mga may kaya, iyong mga may means will have to provide for their own means. We will have to prioritize those who have no means just like in any calamity.

JOYCE BALANCIO/DZMM: To Secretary Duque, pinapatanong lang po. As per the WHO, all nations have to be ready with respirators and oxygen as we expect the need for these as COVID cases at a rise. Do we have an inventory of this?

SEC. DUQUE: Oh yes we do, hindi ko lang memoryado. Pasensiya na po, hindi ko maalala. But kasama po iyan sa paghahanda, iyong pagsusukat ng kakayahan ng atin pong mga ospital na makapangasiwa ng mga critical or serious COVID-19 infection. So mahalaga po iyan dahil kapag nagkaroon ng tinatawag nating massive pneumonia or acquired acute respiratory distress syndrome ay kinakailangan i-hook up sila sa respirator dahil on their own, hindi nila kayang huminga.

JOYCE BALANCIO/DZMM: So we guarantee that we have enough supply?

SEC. DUQUE: Well as of this time, yes, I think we have enough supply. But we still don't know to what extent the transmission or the rate of infection will go.

JOYCE BALANCIO/DZMM: To Secretary Año, pinapatanong lang din po. Are we going to impose a gun ban?

SEC. AÑO: Actually hindi na nga puwedeng lumabas iyong mga tao sa bahay, so automatically kahit na walang gun ban, wala na ring puwedeng gumala na mayroong baril. At kung halimbawa mayroon siyang exemption, the rule of the law will apply. Kung wala siyang PTC, ah hindi siya puwedeng magdala ng baril.

So sa ngayon nakikita natin na maximum talagang limited ang movement ng mga tao. Dapat lahat nasa bahay ngayon, mandatory home quarantine tayo lahat.

USEC. IGNACIO: For Secretary Duque, kay Bella Cariaso: Exempted daw po ang BPO pero iyong health cards nila, nagbigay ng notice just now na 'di daw po covered ang pandemic like COVID.

SEC. DUQUE: Gobyerno na lang ang mangangalaga kung saka-sakaling kinakailangan silang maospital. Pero patitingnan ko iyong policy nila with the HMOs, kung baka naman mayroon na kolatilya doon na masyadong maliit iyong letra, eh baka iyon ang lagyan natin ng—basahin nating maigi, baka mayroong opening for additional protection.

CABSEC NOGRALES: We also have PhilHealth 'di ba, iyong commitment ng PhilHealth.

SEC. DUQUE: Ah, yeah. Thank you very much. Iyong PhilHealth pala ay mayroong inaprubahan din ng Economic Development Cluster o EDC sa halagang 420 million pesos. This is to cover for Isolation Benefit Package at P14,000 each. So that's the PhilHealth contribution to the national government response. But of course the P14,000 doesn't end there, because assuming any of the patients who are under investigation might develop moderate pneumonia, the P14,000 plus P16,000 moderate pneumonia benefit package, so that's P30,000. In case the moderate pneumonia deteriorates into a massive or a serious pneumonia package which is

P32,000. So malaki, plus kung ilalagay mo pa iyong P6,000 testing na times 3, on the average, P18,000. So P18,000 plus plus P32,000 plus P14,000, it's about P58,000.

IAN CRUZ/GMA7: Secretary Duque, good evening sir. Sir pinapatanong po ano, dahil wala pong public transport, wala ring iyong mga TNVS. Paano daw po halimbawa nagkasakit iyong isang tao, papaano siya makakarating sa ospital? Sapat ba iyong mga ambulansiya natin?

SEC. DUQUE: Oo naman. Lahat naman ng ating mga ospital may ambulansiya at mayroon din ang Philippine Red Cross, maraming-maraming ambulansiya ang Philippine Red Cross. So we complement our ambulance capacity with that of Philippine Red Cross. In fact, pati iyong mga tents ng Red Cross ay available for the use of our hospitals for setting up a triaging sites within the grounds of the hospital.

IAN CRUZ/GMA7: So wala pong dapat ipangamba iyong mga walang sasakyan na magiging mga pasyente?

SEC. DUQUE: Wala naman dahil gaya noong sinabi ko, mayroon naman tayong sapat na ambulance service.

IAN CRUZ/GMA7: Opo. CabSec, ang BPO exempted ano. Ang POGO po ba may operation pa rin sila ngayon kahit po... siyempre mayroon tayong enhanced community quarantine?

CABSEC NOGRALES: Hindi namin napag-usapan, so kung hindi namin napag-usapan then closed. Wala siya sa aming ano... wala siya sa mga establishments na napag-usapan namin. So like I said 'in case of doubt, no!' And then we'll just siguro—like I said, day-to-day nga ang aming assessment, so day-to-day magkakaroon tayo ng panibagong mga resolutions.

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Mayroon pa daw po bang border checkpoints sa metro after this?

SEC. AÑO: Mayroon pa rin, at saka mga strategic areas. Iyong mga expressway, iyong mga main... tinatawag nating high speed express highways, they will be manned by the Armed Forces of the Philippines.

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Okay. Iyong concern naman po ng educators, kasi doon sa bagong memo po ni ES, magkaiba po iyong regarding sa holding ng classes. Iyong bagong memo po ngayon is clear about the suspension in calamity situations where no classes are conducted. So ibig sabihin po ba nito, any form of classes dapat wala including iyong online?

CABSEC NOGRALES: Ah no, because ang sinasabi lang naman dito “shall continue to be suspended.” So kung anuman iyong napag-usapan, hindi ka naman mako-COVID sa online so...

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Okay. So, they can conduct online classes?

CABSEC NOGRALES: Yes.

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Okay. So will stoppage of manufacturing apply for alcohol, soaps and other critical hygiene products? How about supply to the stores if they stop?

CABSEC NOGRALES: Ano naman dito eh, food products and medicines so...

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Hindi po medicine kasi iyong mga hygiene, hindi rin sila food. Hygiene products - soaps... alcohol...

SEC. DUQUE: Manufacturing?

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Opo.

SEC. DUQUE: Kailangan iyan because those are support health related products like alcohol, soap. ‘Di ba always say frequent handwashing, tapos we say alcohol. So dapat ay makasama sila. Basic ‘yan eh.

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: So they can continue? Medical supplies, ganoon din po?

SEC. DUQUE: Lalo na.

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: They can continue with that, okay. May mga concern din po, paano daw iyong mga homeless sa mga probinsiya. Baka si Secretary Año ito, kasi may mga homeless sa probinsiya ‘di ba and then exposed sila sa mga elements, and then nag-quarantine. How do we address iyong ganoong mga concern?

SEC. AÑO: Katulong natin ang LGU at saka DSWD pag-address dito.

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Last na lang po. May nag-comment po dito, kasi sabi po niya: Sa sari-sari store, iyong pisong bawang, pisong suka at pisong toyo dapat daw bang magpa-deliver? Pero iyong mayayaman na may pera ‘pag naka-stock ng pagkain, so iyong walang pera magpapa-deliver ng tingi-tingi, halimbawa isang canton? Paano daw po iyon? Iyon po ‘yung reklamo noong mga tao dito ngayon online at saka iyong mga nagte-text.

SEC. AÑO: Alam mo sa community, sanay naman sila na bumibili ng pagkain din. Kaya nga kasama rin sila doon, isang representative ng family, papayagang bumili ng pagkain. Pero ‘pag bumili ka naman siguro, hindi naman isang toyo lang o saka isang suka lang... buuin mo na, iyong isang linggo mong pagkain, buuin mo na iyan para diyan ka lang sa bahay mo.

Alam mo iyong mga Pilipino ngayon, ito na iyong pagkakataong huwag magpilosopo. Mayroon tayong problemang hinaharap, buhay ang nakataya dito, ibigay na natin iyong buong pagsasakripisyo natin para... ang buhay na na-save natin sa iyo rin at saka sa pamilya mo.

ACE ROMERO/PHILIPPINE STAR: Okay, salamat po.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES: Sir good evening, kay CabSec. Nograles. Regarding kanina, earlier sinabi mo na kailangan delivery lang iyong mga food. Now hindi rin kakain sa mga resto. Now personal ba puwede kaming makapunta para bumili?

CABSEC NOGRALES: May isang tao sa bawat household ang puwedeng bumili at umuwi, para malimitahan lang po natin iyong labas-pasok.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES: Say kung malayo sir, puwedeng gamitin ang private cars?

CABSEC NOGRALES: Yes.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES: Puwede, sir? Okay, sir.

CABSEC NOGRALES: But again, for essential travel lang talaga ha, essential travel. Tatanungin din kayo ng mga authorities.

SEC. ANDANAR: Mayroon lang pahabol si Secretary Guevarra.

SEC. GUEVARRA: Maraming nagtatanong kung patungo tayo sa martial law dito sa mga bagong restrictions na ginagawa natin. I just want to assure everyone that the answer to that question is a resounding ‘no.’ Although public safety requires it, there is no states of rebellion, there is no state of invasion. Our enemy here is not a human being, our enemy is a virus. So please be assured that we are not headed towards martial law. Thank you.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES: Sir, patanong lang po kay Secretary Duque. Ang sabi po: Ilan na pong estimate nila na undetected/unconfirmed COVID-19 cases as of now dahil may shortage ng test kits?

SEC. DUQUE: Ilan undetected?

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES: Yes, undetected.

SEC. DUQUE: Depende, marami kasing models na puwede natin pagbatayan. Iyong sa WHO, ang sinasabi nila, ang technical term R-naught (R_0) score 'no, ito iyong reproductive rate/reproduction rate ng COVID virus. So ibig sabihin, for every 1 infection puwedeng maka-infect siya ng 2 to 4 others, okay. So at 2 reproduction rate over direct 5 months sabi ng WHO, puwedeng all over the country, mga 75,000 dapat ang mayroon na, okay. So kung mas mataas iyong gagamiting mong reproduction rate, 3 or 4, dodoble iyon. So iyon ang ibang mga modeling pero hindi naman siya exact science, okay.

So mayroon din naman nagsasabi na kung ang gagamitin nating batayan ay ang global case fatality rate at 3.4 to 3.6 percent at gagamitin natin iyong 12 as a basis, mga 400... mga 300 plus, 400, iyon ang—from minus 142, so mga 160 something ang hindi natin pa natutuklasan na positive.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES: Kay Secretary Guevarra. Sir, regarding dito sa mga barangay chairman, let's say hindi sila sumunod, nag-violate sila. Any sanction sa kanila na inyong gagawin? And also, kanino po ire-report ito kung let's say alam natin nag-violate ito at hindi sumunod sa patakaran ng community quarantine?

SEC. GUEVARRA: Kanina I already mentioned kung ano iyong mga criminal statutes na, for which one may be held liable 'no. But kung ang pinag-uusapan natin dito ay, let's say, non-compliance by a barangay official, then probably in addition to 'yung kaniyang criminal liability, he will also be administratively liable. And all you have to do is to report the act or omission of this barangay official to the proper offices of the DILG and the DILG will take care of him.

VANZ FERNANDEZ/POLICE FILES: Do you have any number regarding that?

SEC. AÑO: Actually ang Local Government Code kumpleto iyan ano. Ang mayor may power siya para to suspend or dismiss a barangay captain depende kung ano iyong complaint sa kaniya at siyempre puwedeng preventive suspension kaagad iyan; habang iniimbestigahan, suspended na siya and so on, even the mayor. At through the DILG, we can also conduct our investigation.

So mayroon tayong number diyan, may website din tayo kung saan puwedeng i-lodge iyong complaint. Kung gusto ninyo talaga ng eksaktong number, si Usec. Jonathan Malaya, nasa kaniya iyong number.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Sir, how about iyong mga kababayan natin na nakatira sa informal settler's area, those confirmed COVID cases? How are we going to manage

them, kasi given their situation kung saan sila nakatira, baka hindi possible ang isolation?

SEC. AÑO: Nasagot ko na iyan kanina. Iyong ating mga barangay isolation unit at iyong ating barangay health emergency response teams ay ilalagay siya doon sa isolation. Kung siya pa naman ay asymptomatic o kaya ay person under investigation, puwedeng doon lang muna siya i-quarantine. Kapag nagkaroon siya ng serious symptoms, dadalhin siya sa hospital

JOYCE BALANCIO/DZMM: Another question na lang sir, mabilis na lang. Iyong tanker fuel trucks, are they allowed to travel or deliver?

SEC. AÑO: Yes.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Thank you, sir.

SEC. ANDANAR: Thank you so much to the members of the press. At para po sa mga manonood natin, mayroon po tayong public briefing, Monday to Friday at puwede pong mag-extend ng Monday to Sunday, ito po ay 11:15 in the morning hanggang alas dose po ng tanghali. Live po sa PTV, live din sa Radyo Pilipinas at live din po sa lahat ng mga KBP-member stations. So bukas po iyan, 11:15 a.m. Kung mayroon po kayong mga karagdagang katanungan patungkol po dito sa inanunsiyong Enhanced Community Quarantine, tomorrow would be the best day, lalung-lalo na po sa publiko. This show is for the public. Thank you.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Martin. Thank you, Secretary Guevarra, Secretary Duque, Secretary Nograles, Secretary Año. Salamat, MPC.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)